Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmal | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 068-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON ISANGDAAN PITUMPU'T LIMANG LIBO, APATNAPUNG PISO AT APATNAPU'T PITONG SENTIMOS (P1,175,040.47).*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 02-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 1-T'2002 ng Sang. Barangay ng Bubukal na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2002 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan lakip ang mga kapunahan at pagwawasto na nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Bubukal.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento, Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay Bubukal ng bayang ito na nagkakahalaga ng P1,175,040.47.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan